Department of Education
Region III
Schools Divisions of

TALAHANAYAN NG KASANAYAN SA
UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA
EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO III

Mga Layunin	Bilang ng Araw	Bilang ng Aytem	Kaalaman	Personal na kakayanan	Pang-Unawa	Kinalalagyan ng Bilang
1. Natutukoy at nakapagpapakita ng mga natatanging kakayahan nang may pagtitiwala sa sarili	5	6	3	1	3	1-3 16 31-33
2. Napapahalagahan ang kakayahan sa paggawa	5	6	2	2	3	4-5 17-18 34-36
3. Natutukoy ang mga damdamin na nagpapamalas ng katatagan ng kalooban	5	5	1	3	2	7 19-21 37-38
4. Napapahalagahan ang pagkilala sa mga kayang gawin ng mag-aaral na sumusukat sa kanyang katatagan ng loob tulad ng: • Pagtanggap sa puna ng ibang tao sa mga hindi magandang gawa, kilos at gawi • Pagbabago ayon sa nararapat na resulta	5	2			2	39-40
5. Nakagagawa ng mga wastong kilos at gawi sa pangangalaga ng sariiling kalusugan at kaligtasan	5	4	3			8-9,12
6. Nakahihikayat ng kapwa na gawin ang dapat para sa sariling kaligtasan at kalusugan	5	2	2			10-11
7. Napapatunayan ang ibinununga ng pangangalaga sa sariling kalusugan at kaligtasan	5	5	1	3		22-25
8. Nakasusunod ng kusang loob at kawilihan sa mga panuntunang itinakda sa tahanan	5	8	2	2	4	6 13-14 26-30
9. Nakasusunod sa mga pamantayan/tuntunin ng mag-anak	4	2	1			15
Kabuuan	44	40	15	11	14	1-40

Department of Education
Region III
Schools Divisions of

UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA ESP III

Pangalan:_____Marka:_____

Panuto. Tama o Mali. Isulat ang T sa patlang kung wasto ang isinasaad ng bawat pangungusap at M kung di – wasto.


_____1. Kailangang ipakita at pagyamanin ang mga kakayahang ibinigay sa atin ng Diyos.
_____2. May ibat ibang kakayahan ang bawat tao.
_____3. Bilang bata, unti-unti mong natututuhan at nalalaman ang mga kakayahang taglay mo.
_____4. Ang pagkukusa ay isang mahalagang Gawain na dapat isakatuparan.
_____5. Huwag gawin ang mga iniatang na Gawain kahit ito ay kaya mo.
_____6. Bilang kasapi ng pamilya, kailangang tumulong sa paggawa.
_____7. Ang pagtitimpi ay damdaming nagpapakita ng katatagan ng loob.
_____8. Ang kalusugan ay kayamanan ay isang makatotohanang kaisipan na dapat paniwalaan.
_____9. Ang katawan ay maaring ligtas mula sa karamdaman kung nakagagawa ng wastong kilos at gawi tulad ng pagpapanatiling malinis ang katawan
_____10. Hindi kayang gawin ng isang batang katulad mo ang sumali sa advocacy tungkol sa kalusugan.
_____11. Ang batang malusog ay may malusog na katawan, puso at isipan.
_____12. Ang patuloy na pangangalaga sa ating kalusugan at kaligtasan ay makasasama sa ating katawan.
_____13. Ang Fun Run ay isa sa mga mabuting Gawain para sa kalusugan.
_____14. Ang mga tuntunin at itinatakda upang sundin ng bawat kasapi ng pamilya tungo sa maayos at masayang pamumuhay.
_____15. Ang isang masayang pamilya ay nakikita sa pamamagitan ng pagbibigay ng lahat ng luho.

Panuto: Sagutan ang hinihingi sa bawat bilang


16. Iguhit ang isa sa iyong mga kakayahan na kaya mong gawin ng walang pag-aalinlangan sa loob ng kahon




17-18.Magtala ng 2 gawaing bahay na nakaatas na gawin mo araw-araw.



19-21 Kulayan ang kahon ng mga damdamin at gawaing nagpapamalas ng katatagan ng loob.



22-25 Piliin ang mga katangian ng isang batang malusog at isulat ito sa loob ng kahon



26-30 Sipiin ang mga tuntunin sa tahanan na dapat sundin. Isulat sa talaan sa ibaba.

- **Maging masunurin sa mga iniuutos ng magalang**
- **Palaging magsabi ng totoo**
- **Magdabog kapag inuutusan**
- **Maging magalang sa magulang at kapwa**
- **Makipag-away sa nakababatang kapatid**
- **Maging malinis sa katawan**
- **Palaging magdasal at magsimba**
- **Kumuha ng gamit ng di nagpapaalam sa may-ari**

MGA PANUNTUNANG DAPAT SUNDIN
26.

27.
28.
29.
30.

Panuto: Basahin at unawain ang bawat sitwasyon. Sagutin ang tanong sa bawat bilang.

31. Magkakaroon ng paligsahan sa pag-awit at nagkataon na magaling kang umawit.Ano ang gagawin mo?
    A. Huwag ipakita ang kakayahan
    B. Huwag sumali
    C. Sumali ng buong husay
    D. Mahiyang sumali

32. Si Arnel ay batang pilay subalit napahusay niyang gumuhit. Kung ikaw ang nasa kalagayan niya, sasali ka bas a paligsahan sa pagguhit?
    A. Oo dahil takot ako sa guro
    B. Hindi dahil nahihiya ako
    C. Oo dahil kailangang patunayan ko ang aking talent
    D. Hindi dahil baka id ako manalo

33. Lahat ng iyong kamag-aral ay marunong sumayaw maliban sa iyo. Nagkataong kailangang magpakita ng talento ang inyong section. Ano ang gagawin mo?
    A. Magmumukmok na lang sa isang sulok
    B. Sasali kahit di marunong
    C. Iiyak dahil kakantiyawan ng kaklase
    D. Magsasabi ng tunay sa guro at sasabihin ko din ang taglay kong kakayahan.

34. Umuwi ka ng bahay galing sa paaralan. Nadatnan mo na madaming Pinagkainan sa lababo. Anong gagawin mo?
    A. Di na lang papansinin ang nakita
    B. Magdadahilan na masakit ang ulo upang di mapaghugas
    C. Huhugasan ko ng kusa ang mga plato
    D. Ipagpapabukas ko ang paghuhugas

35. Ano ang dapat gawin kung may mga iniatang na gawain sa iyo ang iyong kapatid?
    A. gagawin ko nang maayos
    B. di ako susunod sa aking kapatid
    C. sa inay lang ako susunod
    D. di ko siya papansinin